

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Oktubre 2019

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Gumanda lang nang kaunti ang mga kundisyon sa negosyo dahil humina ang sentimyento para sa hinaharap noong Setyembre

Key findings

Humina ang paglaki ng output dahil dumami nang husto ang mga bagong order

Naging pinakamabilis na naitala ang pagbaba ng export sales

Naging pinakamababa ang mga ekspektasyon sa negosyo sa kasaysayan ng series

Nakaranas ang mga manufacturing firm sa Pilipinas ng kaunting paglaki ng output noong Setyembre. Naudyok ang mga negosyo ng pagtaas ng kabuuang bilang ng mga bagong order, sa kabila ng pinakamabilis na pagbaba ng demand sa ibayong dagat sa kasaysayan ng series. Gayunpaman, ang mahirap na kundisyon sa pangangalakal ay humantong sa mas mababang isang taong outlook, habang bumagal naman ang pagtaas ng employment at aktibidad ng pagbili.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay bumaba nang kaunti mula 51.9 noong Agosto at naging 51.8 noong Setyembre, bilang hudyat ng katamtaman at mas mababa kaysa sa average na pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo sa buong sektor ng manufacturing. Ang pagsukat ay ang pinakamababang naitala mula noong Hunyo.

Bumagal ang pagtaas ng produksyon nang ikatlong buwang sunud-sunod, dahil isinaad ng pinakabagong data ang kaunting pagtaas ng output sa mga manufacturer sa Pilipinas. Sa pangkalahatan ay dahil sa mas mataas na sales ang paglaki, bagama't ang ilang kumpanya ay natulungan ng mga paparating na trade fair.

Kung titingnan sa trend para sa output, mas mabilis na dumami ang mga order kumpara sa Agosto. Nagtala ang mga kumpanya ng mas malakas na performance sa mga domestic na merkado noong nakaraang buwan, dahil lumaki ang mga order ng mga kliyente. Samantala, ang sales sa mga customer sa ibayong dagat ay bumaba nang ikaapat na buwang sunud-sunod. Gayundin, ang pinakamakailang pagbaba ay naging pinakamabilis sa kasaysayan ng series (simula noong Enero 2016).

Dahil dito, bagama't positibo ang naging ekspektasyon ng mga ng mga negosyo, naging pinakamababang naitala ang optimismo nila. Ang mga alalahanin tungkol kalakalan ay karaniwang naging dahilan ng mga negatibong forecast, gayunpaman ay nagpanatili ng magandang outlook ang mga kumpanya tungkol sa mga bagong kliyente at inaasahang paglaki ng sales.

Tumaas lang ang kaunti ang employment sa mga kumpanya ng manufacturing noong Setyembre. Humina ang aktibidad ng paghahire kumpara sa naging mataas kamakailan noong Agosto, dahil ang mas mataas na pangangailangan sa lakas-paggawa ay nabawi ng mga pagbibitiw sa trabaho sa ilang kumpanya. Samantala, mabilis na

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Ang isang taong outlook sa negosyo sa mga manufacturing company sa Pilipinas ay naging pinakamababa sa survey noong Setyembre. Bagama't optimistic pa rin sa average, ito ang naging pinakamababa ang mga kumpanya mula noong nagsimula ang series noong 2016.

"Ang isang mahalagang salik ay ang pagbaba ng export sales, na bumaba nang pinakamabilis na naitala sa kasaysayan ng series. Mukhang nawawalan na ng pag-asa ang mga kumpanya na magkakaroon ng katapusan ang US-China trade war, na mukhang nagiging dahilan ng mas mabilis na paghina ng mga export order sa Pilipinas.

"Sa kabila nito, ang mga domestic na bagong order ay tumataas at humahantong sa isang solidong pagtaas ng kabuuang demand, na nagbibigay-daan sa mga kumpanyang ituloy ang kanilang pagtataas ng produksyon. Tumaas ang bilang ng employment nang ikatlong buwang sunud-sunod, bagama't kaunti lang, habang tumaas nang husto ang pagbili. Dapat nitong suportahan ang mga negosyosa gitna ng mahirap na kundisyon sa pag-export."

bumaba ang mga backlog ng trabaho.

Bumagal ang paglakas ng aktibidad ng pagbili noong nakaraang buwan, dahil na rin sa mas mahinang paglaki ng output. Nakaambag ito sa mas mabagal na paglaki ng mga imbentaryo ng mga pre-purchased na produkto, samantalang lumaki rin nang kaunti ang mga stock ng finished goods.

Gayundin, nagtala na naman ang mga kumpanya ng mga mas matagal na delivery, dahil na rin sa tuluy-tuloy na hindi magandang lagay ng panahon humantong sa paglubha ng mga isyu sa trapiko. Gayunpaman, ang pagganda ng kundisyon sa iba pang mga supplier ay nagdulot ng mas mahinang negatibong epekto sa pangkalahatan.

Pagdating sa presyo, naging pinakamabagal ang pagtaas ng mga singil sa output na itinatakdang mga Filipino goods producer mula pa noong Hunyo 2017. Ayon sa mga kumpanya dahil ito sa mas mataas na cost pressure. Gayunpaman, binigyang-diin ng ilang panelista na mga mas mababang presyo sa mga kakumpitensya ay nagdulot sa kanilang babasag ang kanilang mga singil.


Samantala, bumilis ang inflation ng presyo ng input, at itinala ito bilang pinakamabilis na pagtaas ng gastusin mula pa noong Pebrero. Karaniwang inulat ang mas mataas na presyo ng raw material bilang dahilan ng pinakamakailang pagtaas. Kapansin-pansin dito ang pag-uulat ng ilang respondent na ang kakulangan ng mga materyales ay nagdulot sa ilang supplier na magtaas ng kanilang mga singil.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44-207-260-2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nireberisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasasayos.

Ang data ng Setyembre 2019 ay nakolekta noong 12-23 Setyembre 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.